

Alamin pa ang tungkol sa naloxone (Narcan)

Fentanyl sa County ng Los Angeles

Ano ang naloxone (Narcan)?

Ang Naloxone, kilala rin sa tatak na Narcan, ay nagliligtas ng buhay na gamot na nagbabaligtad ng overdose ng opioid. Ito ay nasal spray o iniksyong magpapanumbalik sa normal na paghinga ng isang taong nag-overdose sa opioid at huminto sa paghinga. Ang Naloxone ay gagana sa loob ng 1-2 minuto pagkatapos ng pagbigay at mga karagdagang dosis ay maaaring ibigay tuwing 90 segundo kung ang tao ay hindi pa nagsimulang huminga muli. Maaaring kailanganin ang maraming dosis para sa mataas na potency ng mga opioid tulad ng fentanyl.

Ano ang ginagawa nito?

Hinaharangan ng Naloxone ang mga opioid receptor sa utak. Tinatanggal nito ang mga opioid na nagsasaaktibo sa mga opioid receptor at binabaligtad ang mga epekto ng mga opioid para maipanumbalik ang paghinga. Ang Naloxone ay maaaring manatili sa sistema ng isang tao nang mga 30-60 minuto hanggang sa dumating ang tulong.

Sino ang maaaring magbigay ng naloxone (Narcan)?

Kahit sino ay maaaring magbigay ng naloxone pagkatapos mapanood ang mga video ng pagsasanay sa naloxone na [madaling makukuha online](#). Pinoprotektahan ng CA Good Samaritan Law ang sinumang kumikilos nang may mabuting hangarin mula sa alinmang sibil na paglilitis kung nagbigay sila ng Narcan sa isang tao sa emergency overdose na sitwasyon. Epektibo ang naloxone para sa mga kabataang may overdose, at ang pagkakaroon naloxone at ang pagliligtas sa mga kabataang nag-overdose sa naloxone ay hindi nangangailangan ng pahintulot ng magulang.

Kailan mawawalan ng bisa ang naloxone (Narcan)?

Ang bawat Narcan ay magkakaroon ng naka-print na petsa ng pagkawala ng bisa sa kahon at karaniwang maaaring gamitin sa loob ng 36 na buwan. Maaaring mapahaba ng ilang taon ang petsa ng pagkawala ng bisa kung nakatago ito sa malamig at tuyong lugar.

Maaari bang malulong ang isang tao sa naloxone (Narcan)?

Hindi. Binabaliktad ng Naloxone ang mga epekto ng mga opioid, panlunas sa overdose sa opioid, at hindi nakakalulong na sangkap.

Ano ang ilang iba pang karaniwang maling akala tungkol sa Narcan

Ang pagkakaroon ng naloxone kit ay hindi nagpapataas sa paggamit ng tao ng opioid o ng iba pang sangkap. Kung ibinigay ang naloxone sa isang taong nasobrahan sa dosis sa anumang bagay maliban sa opioid—kabilang ang alak, mga benzodiazepine (tulad ng Xanax), stimulant, o psychedelic—hindi magkakaroon ng anumang epekto ang Narcan, at hindi magpapalala sa non-opioid overdose ng tao.

Ano ang karaniwang masasamang epekto sa Narcan?

Pagkatapos maibigay ang Narcan, ang mga taong nag-overdose sa mga opioid kabilang ang fentanyl ay magsisimulang makahingang muli. Ang mga tao ay maaaring makaranas ng pamumula, pagkahilo, pagkabalisa, pagkainis, pananakit ng katawan, at pagkalito.

Saan maaaring makakuha ang isang tao ng naloxone (Narcan)?

Maaaring humiling ang mga Residente ng County ng Los Angeles sa kanilang mga healthcare provider ng reseta para sa naloxone. Bilang karagdagan, maaaring magbigay ang ilang parmasya ng naloxone nang walang reseta, at may listahan ng mga kalahok na parmasyang available online [dito](#). Bilang panghuli, maaaring bumisita ang mga residente ng County ng Los Angeles sa <http://www.LAodprevention.org> para sa listahan ng mga karagdagang mapagkukunan online.